DepEd ADVISORY No. **72**, s. 2013
in compliance with DepED Order No. 39, s. 2009
this advisory is issued for the information of DepEd officials and personnel
(Visit DepEd website at www.deped.gov.ph)
February 1, 2013

PAMBANSANG SEMINAR-WORKSYAP SA FILIPINO NG PAMANTASANG DE LA SALLE-MAYNILA

Ang Departamento ng Filipino ng Pamantasang De La Salle-Maynila ay magsasagawa ng *Pambansang Seminar-Worksyap sa Filipino* na may temang *Ang Bagong Guro ng/sa Filipino (Kinder hanggang Tersyarya): Konsern, Hamon at Tugon sa K to 12* sa Abril 22-24 2013 sa Seminar Room, 4th Floor, Yuchengco Bldg., De La Salle University (DLSU), Taft Avenue, Malate, Manila.

Ang layunin ng Pambansang Seminar-Worksyap ay ang mga sumusunod:

1. talakayin ang kakaharaping mga pagbabago sa pagtuturo ng Filipino sa bagong kurikulum gayundin ang mga alalahanin ng maraming guro sa antas tersyarya ng sa gayon ay mapaghandaan ang malaking pagbabagong ito;
2. patatagin ang komitment ng lahat ng guro sa Filipino; at
3. pag-ibayuhin ang kahusayan sa pagtuturo upang makatugon sa malaking hamon sa larangan ng edukasyon.

Ang mga gurong nagtuturo ng Filipino sa elementarya, sekundarya at kolehiyo mula sa pampubliko at pampribadong paaralan ay inaanyayahang dumalo sa gawaing ito.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral na mula sa pampubliko at pampribadong paaralan ay naaayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nasasaad sa DepEd Order No. 9, s. 2005 na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Para sa karagdagang impormasyon o anumang katanungan, maaaring magpadala ng mensahe kay:

Dr. Ma. Rita Recto-Aranda
Direktor, Pambansang Seminar 2013
Pamantasang De La Salle - Maynila
Taft Avenue, Manila
Email Address: aranda_rita@yahoo.com

Madel: Pambansang Seminar-Worksyap DLSU
0091-January 24, 2013